



# PAMANTAYAN SA KALUSUGAN AT KALIGTASAN SA LUGAR NG TRABAHO

# LAYUNIN

Ang mga tao ang nasa puso ng tagumpay ng Reckitt, kaya seryoso kami sa pagpapanatili ng ligtas at malusog na kapaligiran sa pagtatrabaho sa aming buong supply chain. Inaasahan ng Reckitt na poprotektahan ng aming mga Business Partner ang kalusugan, kaligtasan, at kapakanan ng lahat ng manggagawa; at hihikayatin ang mga programang magpapabuti ng kapakanan ng mga tao sa trabaho; magpopokus sa pagsasangkot ng mga kawani at aspetong pag-uugali ng kaligtasan; at nilalayong lumikha ng mas malusog, masaya, at mas ligtas na lugar ng trabaho.

Tinutukoy ng Pamantayang ito kung paano ipatutupad ang Prinsipyo IV ng Patakaran sa Pangangalap para sa Napapanatiling Pag-unlad ng Reckitt, **ang kaseryosohan ng Reckitt sa pagbibigay ng ligtas at malusog na kapaligiran sa trabaho.**

Inilalarawan nito ang mga kahingian at kasanayang inaasahan mula sa supply chain ng Reckitt kaugnay ng kalusugan at kaligtasan sa lugar ng trabaho (health and safety, H&S) – kabilang ang may istrukturang paraan ng pagharap sa pagbubuo ng mabisang H&S management system – upang makapag-ambag sa pangmatagalang sustainable development at sa ating layuning magmanupaktura nang may positibong epekto sa lipunan.



## MGA SANGGUNIANG LEGAL AT SA INDUSTRIYA

Ang mga kahingiang ito ay ibinalangkas habang isinasaalang-alang ang sumusunod:

1. ILO Convention 155 – Occupational Safety and Health Convention, 1981
2. ILO Recommendations R164 – Occupational Safety and Health Recommendation, 1981
3. ILO Recommendation R097 – Protection of Workers' Health Recommendation, 1953
4. ILO Recommendation R118 – Guarding of Machinery
5. ILO 170 Chemicals Convention, 1990
6. ILO Recommendations R115 – Workers' Housing Recommendation, 1961
7. ISO 45001 Occupational Health and Safety Management. (Pinalitan ang BS OHSAS 18001 noong 2021)
8. Iba pang pamantayan at kasanayan sa industriya tulad ng Ethical Trading Initiative (ETI) Base Code.

## MGA SANGGUNIAN SA SGD

GANAP NA  
SINUSUPPORTAHAN NG  
RECKITT  
ANG PAGSASAKATUPARAN  
NG UN  
SUSTAINABLE DEVELOPMENT  
GOALS (SDGs) BAGO ANG  
2030



Positibong naaapektuhan ng aming negosyo at mga brand ang ilang SDG; gayunpaman, naniniwala kami na sa pamamagitan ng Pamantayang ito, magkakaroon kami ng pinakamalaking epekto sa isa sa mga layunin.

Hinihikayat din ng Reckitt ang mga Business Partner na gumawa ng mga hakbang upang makapag-ambag sa mga SDG na iyon na may kabuluhan sa mga heograpiyang kinaroroonan nila at kung saan magkakaroon sila ng pinakamalaking epekto sa pamamagitan ng kanilang negosyo.



## MGA KAHINGIAN

Inaasahan ng Reckitt na lilikha ang lahat ng aming Business Partner ng ligtas at malusog na kapaligiran sa trabaho, habang hinahangad na iwaksi ang mga peligro at panganib sa kanilang operasyon. Sinusuportahan at hinihikayat ng Reckitt ang mga Business Partner na patuloy na pahusayin ang pagganap sa H&S management, kung saan kabilang ang, ngunit hindi limitado sa pag-iwas sa mga aksidente, sakit at pinsala at pagtataguyod ng kultura ng kaligtasang nakabatay sa pag-uugali.

**Ang Paggalang sa Prinsipyo II ng Patakaran sa Pangangalap para sa Napapanatiling Pag-unlad ng Reckitt, ang kaseryosohan ng Reckitt sa pagbibigay ng ligtas at malusog na kapaligiran sa trabaho, ay nangangailangan ng:**

1. Pagsunod sa lahat ng naaangkop na batas, regulasyon, at pagpapanatili ng mga kinakailangang legal na permit, gayundin ng mga internasyunal na pamantayan sa karapatang pantao.
2. Patakaran sa occupational H&S, sistema ng pagtatasa at pamamahala ng panganib na inendorso ng senior management upang matiyak ang pagsunod sa batas, pagbibigay ng malusog at ligtas na kapaligiran sa trabaho, at kultura ng tuluy-tuloy na pagpapahusay.
3. Pagbibigay ng regular na pagsasanay sa, at pagpapaalam ng, mga patakaran at pamamaraan sa H&S upang matiyak ang pag-unawa, mabisang pagpapatupad, at pagsunod.
4. Lahat ng manggagawa at bisita ay inaabisuhan kaugnay ng mga kaakibat na panganib sa H&S at binibigyan ng kaalaman at personal protective equipment nang walang bayad upang maiwasan ang mga panganib na ito.
5. May ipinatutupad na mga programa upang makapaghatid ng tuluy-tuloy na pagpapahusay sa kaligtasan sa lugar ng trabaho, kabilang ang puna at mga alalahanin ng empleyado, na mag-aambag sa mas malawak na sustainable na pag-unlad.
6. Malinis, ligtas, at sumusunod sa mga naaangkop na batas/regulasyon at nakakatugon sa mga batayang pangangailangan ang mga tirahang inilalaan ng kumpanya, kung mayroon.
7. Pagbibigay ng ligtas na inuming tubig, sanitasyon, at mga pasilidad sa paglilinis ng katawan.
8. Paglalaan ng mga mekanismo sa pagrereklamo para sa mga manggagawa at iba pa para makapagpaabot ng mga alalahanin; at angkop na pagtugon sa mga ipinaabot na alalahanin, kabilang ang pagkakasundo sa mga remedyo kung saan naaangkop.
9. Transparency ng mga epektong natukoy at mga aksyong isinagawa o iminungkahi.
10. Aktibong pagpapaalam ng mga kahingi-ang ito sa mga supplier at aktibong pagsubaybay sa pagsunod hangga't maaari.
11. Pagtukoy ng SDGs na may kaugnayan sa negosyo at lokal na konteksto, pagpapatupad ng mga inisyatiba para positibong maapektuhan ang mga natukoy.

## PAGSUSURI NG PANGANIB

Pagsasagawa ng regular na komprehensibong pagsusuri ng panganib<sup>1</sup> ng kwalipikadong tao, na sasaklaw sa lahat ng operasyon sa lugar ng trabaho upang aktibong matukoy ang mga panganib at peligro sa kalusugan at kaligtasan ng manggagawa.



<sup>1</sup> ILO-A 5 Step Guide for employers, working and their representatives on conducting workplace risk assessments

Batay sa mga natukoy na peligro, dapat magtakda ang management ng mga hakbang upang matiyak na nagbibigay ng sapat na proteksyon ang mga kondisyon sa pagtatrabaho. Dapat kabilang sa mga hakbang ang, ngunit hindi dapat ito malimitahan sa, mga paksang nakalista sa ibaba (hangga't naaangkop).

## SISTEMA NG PAMAMAHALA SA KALUSUGAN AT KALIGTASAN

Inaasahang magbuuo at magpapatupad ang mga Business Partner ng sistema ng pamamahala sa H&S upang matukoy, mapigilan at masubaybayan ang kaligtasan sa lugar ng trabaho at magsagawa ng sapat na hakbang upang maiwaksi ang peligro sa mga manggagawa. Ang sistema ng pamamahala sa H&S ay dapat naaangkop para sa konteksto ng kanilang negosyo at sinasaklaw nito ang buong puwersa ng paggawa. Dapat sundin ng sistema ang sumusunod na balangkas:

1. Patakaran at mga pamamaraan
2. Pamamahala at pananagutan
3. Inspeksyon at pagsubaybay sa site
4. Pagsasanay at pagtataas ng kamalayan
5. Pagsusuri ng panganib

Kailangan ding magpakita ng mga Business Partner ng tuluy-tuloy na pagpapahusay, sa pamamagitan ng regular na pagtatasa ng H&S performance; pagsusuri kung mabisa ang sistema ng pamamahala; at pagpapatupad ng napapanahong pagpapahusay sa mga pamamaraan kung saan naaangkop.

Ang mga gawain sa pamamahalang nakalista sa ibaba ay komprehensibo ngunit hindi kumpletong listahan ng mga kahingian ng Reckitt para sa mga sistema ng pamamahala ng mga Business Partner sa H&S. Dagdag ito, at hindi inilaan para palitan o ihalili sa mga , legal na kahingian:



### 1. PATAKARAN AT MGA PAMAMARAAN

- Dapat makipagkonsultahan ang mga Business Partner sa mga manggagawa at management, nang naayon sa kanilang operasyon at mga panganib sa H&S; maghanda, maglathala, at magpanatili ng malinaw at mabisang patakaran sa H&S, na malinaw na nagsasaad ng layuning pigilan o bawasan ang mga epekto ng mga panganib sa kanilang saklaw.
- Dapat itakda ng patakaran ang mga nauugnay na pamamaraang tumutugon, bilang minimum, sa mga itinakdang kahingian na nakalista sa Pamantayang ito.





## 2. PAMAMAHALA AT PANANAGUTAN

- Bawat lugar ng trabaho ay dapat magkaroon ng pormalisadong istruktura ng organisasyon upang pamahalaan ang mga panganib sa H&S, nang may malinaw na tungkulin at responsibilidad sa bawat antas, na ipinaalam sa lahat ng empleyado gamit ang mga angkop na channel (hal., sa mga anyong maaakses at mauunawaan ng mga manggagawa, nakasulat man o pasalita, sa mga lingguwahe at/o imaheng pamilyar sa lahat ng manggagawa, kabilang ang mga kontraktwal na manggagawa.) Dapat malinaw na isaad ng komunikasyon na lahat ng nasa site ay may responsibilidad para sa H&S.
- Ipinapayo na ang pananagutan para sa H&S sa isang lugar ng trabaho ay ibigay sa site leader o senior management.
- Lahat ng insidente at aksidente ay i-uulat, susubaybayan, at ipa-follow up. Titipunin ang mga nakuhang aral at kalakaran upang maipalam ang tuluy-tuloy na pagsisikap para sa pagpapahusay.



## 3. INSPEKSYON AT PAGSUBAYBAY SA SITE

- Dapat magpatupad ang mga Business Partner ng mabisa at mausay na kontrol sa lahat ng tumatakbong site, lalo na para sa pamamahala ng panganib, upang mabawasan ang mga natukoy na panganib, at matiyak ang kaligtasan ng mga tao, operasyon, kagamitan, at ari-arian.
- Dapat magsagawa ng regular na inspeksyon ang may kakayahang (mga) tao nang may angkop na pagitan, sa lahat ng kagamitan, tools, makinarya, personal protective equipment (PPE), at lugar ng trabaho na nasa kontrol ng alinmang Business Partner, alinsunod sa mga kinauukulang regulasyon, kahingian at kodigo ng kasanayan.
- Dapat magsagawa ng pana-panahong pagsusuri ng may kakayahang (mga) tao, sa pamamagitan ng mga third-party o internal audit, upang masubaybayan ang buong sistema ng pamamahala ng site sa H&S.



## 4. PAGSASANAY AT PAGTATAAS NG KAMALAYAN

- Dapat magbigay ng pagsasanay sa lahat ng empleyado alinsunod sa mga kahingian ng tungkulin nila sa trabaho at ayon sa iniaatas ng lokal na batas, kabilang ang pagsasanay sa kaligtasan, paghahanda para sa emerhensiya, paunang lunas at paggamit ng mahalagang PPE. Dapat ring ibigay ang naturang pagsasanay sa mga bago, pansamantala, kontraktwal, at inilipat na tauhan, at pana-panahong ipinaaalala. Dapat i-akma ang pagsasanay sa mga pangangailangan/kahingian ng mga empleyado.
- Dapat magkaroon ng pamamaraan sa pagsasanay sa H&S ang lahat ng lugar ng trabaho at magpanatili ang mga ito ng rekord upang subaybayan ang higit na kahusayan sa hanay ng mga manggagawa, bisita, at iba pang partner nang sa gayon ay matiyak ang pagiging mabisa ng ibinigay na pagsasanay.

# MGA THEMATIC NA KAHINGIAN

Dapat matugunan ng sistema ng pamamahala ng H&S na nasa itaas, bilang minimum, ang mga sumusunod na larangan:

## 1. Ligtas na kapaligiran sa trabaho



### Pangkalahatang Kapakanan<sup>2</sup>

Kailangang tiyakin ang kaligtasan, paglalaan ng maiinom na tubig, sanitasyon, sapat na bentilasyon, sapat na ilaw, at temperatura. Dapat tiyakin ng mga Business Partner ang akses sa ligtas na tubig, sanitasyon, at pangangalaga sa kalusugan (WASH) sa site sa pamamagitan ng mga sumusunod na hakbang:

- Magtakda ng mga batayang kondisyon, sa bansa ng operasyon, kaugnay ng pagkonsumo ng tubig at, mga kasanayan sa pangangalaga sa kalusugan at sanitasyon.
- Magsagawa ng mga pagsusuri ng sarili upang maunawaan ang kasalukuyang status ng sariling operasyon.
- Tukuyin ang mga kakulangan sa pagitan ng pagganap ng kumpanya at mga nangungunang kasanayan at unahin ang mga larangang pinopokus.
- Magbuo at magpatupad ng mga plano sa pagpapahusay upang matugunan ang mga usapin gaya ng natukoy sa proseso ng pagtutukoy ng kakulangan.
- Subaybayan, isiwalat, at ipaalam ang pag-usad sa mga kinauukulang stakeholder.

### Mga Sanggunian para sa WASH:



[Progress on Drinking Water, Sanitation and Hygiene, Joint Monitoring Programme 2017 update and SDG baselines](#)



[UN-Water Global Analysis and Assessment of Sanitation and Drinking Water](#)



[Water Use and Stress Data – to determine priorities](#)



### Kalusugan at pangangalaga sa kalusugan sa trabaho

Mga medikal na pagsusuri para sa mga manggagawang gumagampan ng mga partikular na tungkulin; industriyal na kalinisan; pagtatasa at pagsubaybay sa pagkakatantad ng manggagawa sa biological (legionella/E. coli), kemikal (dust/fumes/vapours) at pisikal (noise and ergonomics) na panganib.



### Occupational safety

Paghaharang sa makina<sup>3</sup>, kaligtasan sa kemikal<sup>4</sup>, kaligtasang elektrikal, pag-iwas sa mga emerhensiya kagaya ng sunog at pagsabog, PPE, at kaligtasan ng transportasyon.



### Kahandaan sa emerhensiya

Pagtugon sa emerhensiyang natural o likha ng tao alinsunod sa lokal na batas at mga kahingian ng pasilidad. Dapat magkaroon at pana-panahong subukan ang mga plano at pamamaraang pang-emerhensiya, mga drill at plano sa paglikas, mga emergency exit, fire detection at fighting systems, first aid procedures<sup>5</sup>, at anumang kinakailangang kagamitan.

## 2. Tirahan ng manggagawa<sup>6</sup>

<sup>2</sup> ILO R097 – Protection of Workers' Health Recommendation, 1953

<sup>3</sup> ILO R118: Guarding of Machinery

<sup>4</sup> ILO Chemicals Convention, 1990 (No. 170)

<sup>5</sup> ILO – Emergency procedures and first aid

<sup>6</sup> ILO recommendations R115 – Workers' Housing Recommendation, 1961 (No. 115)

- Dapat walang limitasyon kung kailan pwedeng pumasok o umalis ang mga manggagawa sa kanilang tirahan. Dapat malayang kumilos ang mga manggagawa.
- Kapag magtatanggal ng manggagawa, dapat sundin ang mga pambansang batas at kagawian, gayundin ang mga internasyunal na pamantayan kaugnay ng pagtatapos ng pag-upa o pagtira sa tirahang inilaan ng kumpanya.
- Hindi dapat singilin ang manggagawa ng higit sa makatuwirang bahagi ng kanilang kita para sa tirahan, sa pamamagitan man ng upa o pagbabayad sa pagbili ng naturang tirahan.
- Dapat ligtas ang istruktura at mayroong makatuwirang antas ng privacy, sanitasyon, kalinisan, at ginhawa ang tirahan, at sumusunod ito sa mga lokal na minimum na pamantayan sa pabahay.
- Dagdag dito, dapat matugunan ang mga sumusunod na minimum na kahingian:
  - Hiwalay ang tirahan sa gusali ng pabrika, produksyon, at/o lugar ng bodega.
  - Magkahiwalay ang pabahay para sa mga lalaki at babae, upang maitaguyod ang privacy.
  - Mayroong sapat na habbang panseguridad upang protektahan ang mga manggagawa at ang kanilang ari-arian.
  - Mayroong sapat na espasyo para sa bawat tao, alinsunod sa lokal na batas (sa kawalan ng lokal na batas, ang sapat na espasyo ay tumutukoy sa minimum na square footage na nakalaan sa kada manggagawa na hindi bababa sa 1.8m<sup>2</sup> (20ft<sup>2</sup>)). Kabilang dito ang tulugan at magagamit na espasyo, at locker/changing room. Kung saan walang ibang isinasaad ang mga regulasyon, bibigyan ang mga manggagawa ng ligtas na espasyo ng locker/storage na hindi bababa sa 0.03m<sup>3</sup> (1ft<sup>3</sup>), kung saan ang manggagawa lang ang makakaakses. Bawat manggagawa ay dapat magkaroon ng sariling kama, kutson, at naikakandadong locker.
  - May suplay ng ligtas na inuming tubig, na pana-panahong sinusuri ng maayos na third-party laboratory.
  - Mayroong sapat na pasilidad para sa sanitasyon at paghuhugas, kabilang ang sapat na sewage at pagtatapon ng basura.
  - Pagbibigay ng sapat na pasilidad para sa bentilasyon, pampainit, pagluluto, paglalaba, at pag-iimbak na may ligtas na ilaw.
  - Dapat maglaan ng sapat na pasilidad para sa libangan at pagkain at nakahiwalay ito sa tulugan upang hindi maabala ang nagpapahinga.
  - Ligtas na pagkakabit ng mga elektrikal na device tulad ng mga ilaw, electric fan, heater, saksakan at panel upang mabawasan ang panganib na magkasunog.
  - Pagmementina ng, at mga pagsusuring regular na isinasagawa sa, mga kagamitang pang-emerhensiya kagaya ng fire extinguishers, emergency exits, signage at first aid boxes.
  - Malinaw na naka-display at ipinapaalam ang mga patakaran sa tirahan sa paraang angkop at maaakses ng lahat ng manggagawa.

## PAG-UULAT NG MGA PAGLABAG

Tayo ay isang organisasyong may mahihigpit na prinsipyo sa responsibilidad at integridad, at palagi nating nilalayong gawin ang tama. Nauunawaan natin ang hamon ng mga usapin sa H&S sa mga kumplikadyong supply chain sa buong mundo at na maraming sistematikong hamon na hindi kayang tugunan nang paisa-isa. Dahil dito, hinihikayat natin ang mga Business Partner na aktibong isiwalat sa atin kung saan sila nahahirapan sa pag-abot sa Pamantayang ito, nang sa gayon ay makapagtulungan tayo sa pagtugon sa mga usapin at mapalakas ang mga management system upang matiyak ang tuluy-tuloy na pagpapahusay.



---

## SAKLAW

Ang Pamantayang ito ay naaangkop sa lahat ng Business Partner na nagbibigay ng mga produkto at serbisyo sa o sa ngalan ng Reckitt. Kabilang dito ang mga third-party manufacturer, mga supplier ng hilaw na materyales at materyales sa pagpapakete, mga service provider, vendor, trader, ahente, kontraktor, joint venture partner, at distributor, kabilang ang kanilang mga empleyado, ahente, at iba pang kinatawan (na tinutukoy rito bilang mga 'Business Partner'). Inaasahang ipapaalam ng mga Business Partner ang Pamantayang ito sa kanilang supply chain at titiyakin ila ang pagsunod sa Pamantayang ito ng kanilang mga direktang supplier.